Kinakailangan ko bang humingi ng sulat sa aking asawa kung binabalak kong maglakbay kasama ang aking anak?

Oo. Bawat isa na nabigyan ng lehitimong pangangalaga at pasya ukol sa kapakanan ng iyong anak ay dapat hingan ng sulat kung sila ay hindi kasama sa paglalakbay.

Ako ay hiwalay sa aking asawa at nais kong maglakbay sa ibang bansa. Maaari ko bang isama ang aking anak ?

Kung hindi ikaw ang may sariling karapatang magkupkop sa iyong anak, kinakailangan ang pahintulot ng mas may karapatan na isama mo ang iyong anak sa paglalakbay. Ikaw ay kailangang humingi ng liham sa bawat taong may katarungang magpasiya ukol sa kabutihan ng bata at ang dapat makasama ng bata sa paglalakbay.

Maaari ko bang isama ang aking anak sa paglipat ng ibang probinsiya o` bansa matapos kong matanggap ang aking diborsyo?

Ito ay naaayon sa napagkasunduang hatol san g hukuman ukol sa pagkupkop at pakipag-ugnayan sa anak. Kung ikaw ang magulang na may lubos na karapatan sa pagkupkop, kailangan lamang ang liham na may pahintulot ang iyong hiniwalayang asawa o` ng tagapag-alaga, o` pahintulot(consent)ng hukuman.

Ang iyong hiniwalayang asawa ay puedeng magsampa sa hukuman na hadlangan ang pag-alis ng bata kung ayaw niyang pumayag ialis ang bata. Sa kabilang dako, maaari ka ring humiling ng pahintulot sa hukuman ng iyong kagustuhan.

Ito ay mapagpapasyahan ng hukom kung sino ang may karapatan na magsama o` kung ano ang ikabubuti ng bata.

Maaari ko bang hilingin na mabago ang pasya ng hukuman ukol sa pagkupkop ng aking anak?

Ang pagababago ukol sa pag-hinto o` suspinde ukol sa pakipag-ugnayan, karapatan at pagkupkop sa anak ay maaring hilingin sa hukuman.

Titiyakin ng hukuman na ang pagbabago sa hatol ay para sa pangangailangan at kabutihan at ng bata.

Mga karagdagang karunungan:

Magsimulang hanapin ang inilalahad ng “LISNS’ online legal information”. Maraming paksa ukol sa batas ang: www.legalinfo.org

Upang makatanggap ng libreng karunungan ukol sa batas, tawagan ang sumusunod na numero: 1 800 665 9779 o` 455-3135

Kailangan ng abogado? Tumawag sa sanggunian ng mga abogado (Lawyer Referal Service): 1 800 665 9779 o` 455-3135. Makipagpulong ng kalahating oras (30 min.) sa abogado sa halagang $20 + HST. Ang abogado ay makapagbibigay ng mahalagang kasagutan sa mga katanungan.

Gusto mo ba lamang mapakinggan ang mga nakatala na mensahe sa telepono ukol sa tiyak na paksa? Tumawag sa “Dial-a-Law”, 420-1888.

Mabibigyan ka ng tagapag-salin ng wika kung ikaw ay nadakip ng pulis o`kialangan humarap sa hukuman.

Ang mga kopyang dokumento ukol sa diborsyo ay makukuha sa “website” ng mga grupo ng abogado sa Nova Scotia (Nova Scotia Barristers’ Society): nslaw.nsbs.org/nslaw/forms.do

Karunungan sa batas ng pamilya (Family Law Information Centres) at mataas na hukuman para sa dibisyon ng pamilya (Supreme Court ‘Family Division’): http://gov.ns.ca/just/flic/

Mayroong “kit” na magagamit ukol sa diborsyo (Do-it-Yourself divorce kit) na makukuha sa mataas na hukuman ng Nova Scotia (Nova Scotia Supreme Court) dibisyong pampamilya sa Halifax o` sa Sydney. Ang “kit” na ito ay mayroong maliit na bayad. Makikita ang talaan ng mga hukuman sa kulay asul na pahina ng direktoryo ng telepono. Hanapin ang salitang “Courts”. Maari din na bisitahin ang “website” : www.courts.ns.ca

Patakarang nauukol sa Pagkupkop sa anak: www.justice.gc.ca/eng/pi/fcy-fea/sup-pen/index.html

Mayroong libreng maliit na aklat sa kompyuter “online” na naglalahad ng kaalaman ukol sa batas. Ito ay magagamit ng babae at lalaki. Ang pamagat ay “Understanding the Law: A Guide for Women in Nova Scotia” o` Unawain ang Batas: Patnubay sa Kababaihan ng Nova Scotia. **http://www.nawl.ca/ns/en/affili/NSAWL-utl0.htm**

Ang talaan ng mga opisina na tumutulong sa pag- alam ng batas (Legal Aid offices): www.nslegalaid.ca/contact.php

``Nova Scotia Maintenance Enforcement Program``: http://www.gov.ns.ca/just/mep/

Mga karunungan ukol sa batas pampamilya sa Nova Scotia: http://nsfamilylaw.ca/

Ang iba pang kaalaman ukol sa pampamilyang batas ay mababasa sa: **Ang mga Dapat Malaman ng Bagong Mamamayan Ukol sa…… Batas ng Mag-asawa, Paghihiwalay at Diborsyo.**

Ang polyetong ito ay naglalahad ng karaniwang batas sa bansa ng Canada at hindi sinasakop ang tunay na payo ng abogado .

LEGAL Information SOCIETY OF NOVA SCOTIA

5523 B Young Street
Halifax, Nova Scotia
Canada B3K 1Z7

NOVA SCOTIA

Nilikha sa tulong nang Probinsya ng Nova Scotia

March 2012



Ang Mga Dapat Malaman ng Bagong Mamamayan Ukol Sa

Pamapamilyang Batas ng Pangangalaga at Pagkupkop sa Mga Anak

Ang kasulatang ito ay ay nagbibigay ng karunungan ukol sa pagkalinga at pagkupkop ng mga anak, at iba pang mga kaalaman.

LEGAL Information SOCIETY OF NOVA SCOTIA

Ang batas na ito ay nauukol sa mga paksa na may kaugnayan sa pamilya. Kasama sa binabanggit dito ay ang kasal, paghihiwalay, diborsyo, kasama sa buhay na walang legal na kasal, ang pagkupkop, tustos at pakikipag-ugnay sa anak.

Sino sa aming mag-asawa ang dapat kumupkop sa amga anak?

Sa layuning pagkupkop (custody) ukol sa diborsyo, ang kahulugan nito ay kung sino ang mayroong higit na karapatan sa anak. Sa Canada, ang ama at ina ay parehong may karapatang mangalaga at magkukupkop sa kanilang anak hanggat walang hatol sa sino mang mas may karapatan. Kung sa paghihiwalay ay nagkaroon ng kasunduan ang mag-asawa na isa sa kanila ang mangangalaga, hindi kinakailangan na dalhin ang kasunduan ng pagkupkop sa hukuman.

Subalit kung ang magulang ay walang kakayahan upang kumalinga sa anak, ang hukuman ay magpapasya ng tagapatnubay(guardian) na may karapatang mangalaga sa bata. Isa sa magulang o` ang tagapatnubay na may tunay na karapatan ang magpapasiya kung paano palalakihin ang bata.

Ano ang paraan upang ako ang tunay na mahirang sa pangangalaga ng aking anak na mayroong idad at mayroon pang kapansanan?

Kung nais mong mahirang na tagapangalaga ng iyong anak na may idad at mayroon pang kapansanan, kumuha ng legal na payo. Ang hukom ang mag- tatakda ng iyong hinihiling. Ang hinirang na mangangalaga ay siyang may pananagutan sa lahat ng kapakanan ng ng kanyang inaaalagaan. Ang may kapansanan sa pag-iisip ay mangmang ukol sa kanyang kapakanan. Sa pagiging hirang na mangangalaga, ikaw ay may legal na karapatan upang makapagpasya sa ngalan ng iyong anak. Hindi mo kakailanganin ang pahintulot upang makamit ang lahat niyang pansariling impormasyon tulad ng kasulatan ukol sa kanyang kalusugan.

Maaari ko bang iwanan ang aking mga anak sa bahay kung ako ay lalabas?

Dalawang batas ang sakop ng ganitong kalagayan. Unang batas ay “Criminal Code of Canada” na nagsasabing krimen ang magpabaya at naglagay sa panganib ng bata na wala pang sampung (10) taon. . Ang nag-iwan ng batang wala pang sampung taon (10) mag-isa sa tirahan ay maaring maisakdal sa ilalaim ng batas ng krimen.

Ang pamahalaan ng Nova Scotia ay kumakalinga sa mga kabataan at pamilya ng mamamayan sa pamamagitan ng tinatawag na batas “Nova Scotia Children and Family Services Act”. Ito ang pangalawang batas ukol pangagalaga ng bata. Sa kadahilanang bawat bata ay magkakaiba, ang batas ay walang itinakdang taon o` edad na maaring maiwan mag-isa sa tahanan ang anak

Dapat pag-isipan ang mga sumusunod bago iwanang ma-gisa ang bata sa tahanan:

- Mayroon na bang mabuting kaisipan ang bata na maiiwanan sa tahanan?
- Sila ba ay ligtas sa panganib?
- Alam ba nila ang gagawin kung kailangang humingi ng tulong?
- Gaano katagal sila maiiwan sa tahanan?

Mayroong karapatan ang pamahalaan ng probinsiya na alisin ang mga bata sa tirahan kung inaakala na silay naganganib o` napabayaan.

Maaari ko bang paluin ang aking anak?

Ayon sa batas ng pamahalaan ng Canada, ang magulang o` kahalili ng magulang sa pagaalaga ng anak ay maaring gumamit ng sapat lamang na lakas sa pagdisiplina at ayon lamang sa kalagayan ng pangyayari. Karapatdapat lamang ang sandaling parusa at hindi para masaktan.

Hindi makatuwiran na paluin ang wala pang dalawang taon na bata. Wala pa silang pagiisip upang malaman ang dahilan ng pagpalo. Ang pag-gamit ng pamalong sinturon at patpat, pagpalo sa ulo o` anomang bagay na maaring ikasakit ng bata ay hindi makatuwiran. Hindi rin makatuwiran na saktan ang mga batang nasa alanganing idad.

Maraming magulang ang naisuplong dahil sa kanilang pagbugbog o` napakalakas na palo sa bata.

Maari bang paluin ng taga-alaga o` ng guro ang aking anak?

Hindi. Ang parehong batas ng pag-aalaga at ng pagtuturo sa Nova Scotia (The Nova Scotia Day Care Act, The Nova Scotia Department of Education) ay nagsasabing walang karapatang pumalo o` saktan ang bata ng taga-alaga at guro.

Ako ay makakakuha ng diborsyo. Papaano ko masasariling kupkupin (custody) ang aking anak?

Mayroon dalawang uri ang pagkupkop sa anak:

Magkaanib na pagkupkop (joint custody): parehong magulang na magkatulong sa pag-alaga at may kapangyarihan sa lahat ng pangangailangan ng bata.

Nag-iisang taga kupkop (sole custody): Isang magulang ang may karapatan at kapangyarihan sa lahat ng pangangalaga ng bata.

Ang anak ay may karapatang makipag- ugnay at bumisita sa ama o` ina kahit naihatol na ang diborsyo. Ito ay tinatawag na “access”. Ang pagkupkop sa anak ay maaaring pagkasunduan ng nag diborsyong mag-asawa. Karaniwan lamang na sa isang magulang manirahan ang bata kahit na napagkasunduan ng naghiwalay na mag-asawa ang ukol sa pagkupkop sa anak. Ang abogado ay magbibigay ng tamang payo ukol sa pagkupkop ng anak.

Ang hukuman ang magbibigay hatol kung hindi mapagpasiyahan ng nag diborsyong mag-asawa ang pagkupkop ng bata.

Kung wala akong karapatang kumupkop sa aking anak, paano ako makakapag-ugnay at bumisita sa kanya?

Ang Canada ay may paniniwala na mahalaga sa anak ang makipag-ugnayan sa ama at ina. Kung ang mag-asawa ay magkahiwalay, ang magulang na hindi nakatira sa anak ay may pahintulot na dumalaw.

Kung ayaw mong sumang-ayon sa pagdalaw ng iyong hiniwalayang asawa sa inyong anak, mayroon kang karapatan na ihingi sa hukuman ang iyong pagtanggi. Ang hukom ang magpapasiya para sa kabutihan ng bata.

Ang ibang kasapi ng pamilya tulad ng lolo o` lola ay maaaring humingi din ng karapatan galing sa hukom ukol sa pakikipag-ugnay at bisita sa bata.

Mayroon bang karapatan ang hiniwalayan kong asawa na magtustos sa pangangalaga ng aming mga anak?

Oo. Sa Canada, ang mga magulang ay inaasahang mag-alaga at magtustos sa lahat ng pangangailangan ng kanilang anak. Kung ang ina o` ama ay nag diborsyo, karaniwan lamang na ang magulang na hindi nakatira sa bata ang mag-abot ng tustusin sa asawang nangangalaga. Ang pagbibigay ng tustusin sa pangangalaga ay sinasagutan hanggang ika labingsiyam (19) na taon ng bata. Maaring ituloy ang pag-abot ng tustusin kung ang anak ay nasa mataas na paaralan at ang naturang anak ay hindi kayang tustusan ang sarili lalu na kung siya ay may disabilidad. Ang pamahalaan ng probinsya at pambansang pamahalaan ng Canada ay mayroong mga patnubay na inilahad upang matulungan ang magulang sa mga bayarin ukol sa pagkupkop ng anak. Mayroon din inilalahad ang “Nova Scotia Maintenance Enforcement Program`sa katapusang pahina.